REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
Meralco Avenue, Pasig City

**OFFICE OF THE SECRETARY**

Pebrero 11, 1997

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 39, s. 1997

PAMBANSANG SEMINAR SA PANANALIKSIK-WIKA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Unibersidad
Tagapamanihala/Administrador ng mga Paaralang Bokasyonal

1. Ang Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino, Ink. (PSLF), kaugnay ng pagdiriwang ng ika-25 anibersaryo nito ay magtataguyod ng Pambansang Seminar sa Pananaliksik-wika sa pakikipagtulungan ng Komisyon ng Wikang Filipino, Kawanihan ng Edukasyong Elementarya, Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon sa Awditoryum ng Pamantasang Normal ng Pilipinas sa Abril 21-23.

2. Ang paksang-diwa ng seminar ay "Pananaliksik-wika sa Pagpapaunlad ng Pagkatuto at Pagtuturo" kaugnay ng itinatakda sa Patakarang Edukasyong Bilinggwal at ng Seksyon 6 ng Saligang-Batas. Kalakip nito ang palatuntunan ng mga gawain.

3. Pagkatapos ng seminar, inaasahang:

a. maitataas ang kamalayan ng mga edukador sa kahalagahan ng pananaliksik partikular na sa sariling klasrum;

b. maipahahatid ang resulta ng mga bagong pananaliksik sa Filipino bilang wika at midyum ng pagtuturo; at

c. matatalakay ang aplikasyon ng pananaliksik-wika sa pagpapaunlad ng pagkatuto at pagtuturo.

4. Ang dapat na dumalo sa kapulungang ito ay ang lahat ng kinatawan ng mga kawanihan at tanggapang sentral ng DECS, mga panrehiyon na tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino, mga puno ng kagawaran ng Filipino (SSHTs) o sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya, sekundarya, kolehiyo at unibersidad na pang-estado at pribado, mga dati nang kasapi ng PSLF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon, at mga guro/instraktor/propesor ng wika.

5. Hinihiling na ang mga dadalong kinatawan ay magdala ng halimbawa ng pananaliksik-wika kung mayroon nito, sa kinaroroonang paaralan/kolehiyo o unibersidad.

**PAMBANSANG SAMAHAN SA LINGGWISTIKANG FILIPINO**
**PAMBANSANG SEMINAR SA PANANALIKSIK-WIKA**
**Awditoryum ng Pamantasang Normal ng Pilipinas**
**Abril 16-18, 1996**

## UNANG ARAW

| | |
|---|---|
| 7:30 - 9:00 | Rehistrasyon |
| 9:00 - 9:30 | Pambukas na Palatuntunan |
| | Panalangin<br>Pambansang Awit<br>Panunumpa sa Watawat<br>Bating Pagtanggap<br>Pagpapakilala ng mga Kinatawan |
| 9:30 - 9:45 | Oryentasyon at Paglalahad ng Layunin |
| 9:45 - 10:00 | M e r y e n d a |
| 10:00 - 11:30 | Pamaksang Pananalita |
| 11:30 - 11:45 | Malayang Talakayan |
| 12:00 - 1:00 | Pananghalian at Pahinga |
| 1:00 - 2:30 | Lektyur 1: Ang Klasrum Bilang Pokus ng Pananaliksik-Wika |
| | ------------------------------ |
| 2:30 - 2:45 | Malayang Talalayan |
| 2:45 - 3:00 | M e r y e n d a |
| 3:00 - 4:30 | Lektyur 2: Iba't Ibang Pamamaraan ng Pananaliksik-Wika |
| | ------------------------------ |
| 4:30 - 4:15 | Malayang Talakayan |